# Basahin Muna ang Etiketa!

## PROTEKTAHAN ANG INYONG HARDIN



Di lumaon, ang insekto o sakit ay maaaring umatake sa inyong mga halaman sa bahay, mga gulay sa hardin, sa mga halamang may matigas na puno, o mga bulaklak. Kung gumagamit kayo ng pesticide o iba pang mga produkto para sa hardin, kailangan ninyong alamin ang ilan sa mga produktong pang-hardin na ito ay maaaring makapinsala sa mga halaman, mga tao o sa kapaligiran kung hindi nagamit nang maayos.

## Sundin ang mga Tip na ito Kapag Pumipili at Gumagamit ng mga Produktong Pang-hardin

### ✔ Akamin ang Gagamutin ninyong Peste

**Kung malaman ninyo ang problema ay unang hakbang na ito para malutas ito.** Hindi lahat ng mga insekto ay masasama - ang ilan ay hindi nakakapinsala at ang iba ay nakakatulong na malabanan ang mga peste. Ang pagkikilala sa problema ay makakapagpahintulot sa inyong mahanap ang pinakamainam na paraan para maiwasan at mapamahalaan ang mga peste.

### ✔ Hanapin ang Produkto na Lulutas sa Problema

**Ang lahat ng mga produkto ay hindi gumagana sa lahat ng mga uri ng peste.** Sinasabi sa inyo ng mga etiketa kung anong produkto ang nilalayon ng bawat isa at kung paano ito magagamit. Pumili ng produkto na may etiketa ayon sa inyong partikular na peste at ikonsidera ang mga nakarehistro sa EPA na biopesticide.

### ✔ Bumili ng Tamang Dami Ayon sa Inyong Mga Pangangailangan

**Nakasaad sa etiketa kung gaano karami ang dapat gamitin para magamot ang anumang produkto.** Bilhin lang ang kakailanganin ninyo. Ang ilang mga produkto ay maaaring hindi kasing bisa kung natabi nang matagal. Ang mas malaking laki ay hindi sulit kung hindi naman ninyo magagamit ito.

### ✔ Pansinin ang mga Babala

**Sundin ang mga tagubilin sa pagsusiot ng mga guwantes at maproprotektang kasuotan.** Unawain kung kailan at paano gamitin ang produkto at kung kailan ito ligtas para sa mga tao o alagang hayop para makapasok muli sa mga ginamot na lugar. Tandaan kung gaano katagal dapat maghintay bago pumitas ng mga prutas at gulay.

### ✔ Gamitin ang Produkto sa Tamang Paraan

**Ang mga etiketa ng produkto ay nagsasabi sa inyo kung paano ligtas na magagamit ang mga produkto para sa pinakamabuting resulta.** Gumamit lang ng dami na nakasaad sa etiketa. Hindi mas mabuti ang mas marami at maaaring makapinsala sa mga halaman at hardin. Kung nakasaad sa etiketa na ihalo ang produkto sa iba pang lalagyan, gamitin ang lahat ng mixture. Kung hindi ninyo magagamit ang lahat ng mixture, lagyan ng etiketa ang bagong lalagyan para magamit muli sa hinaharap.

### ✔ Iwasan na Mapinsala ang Kapaligiran

**Ang mga produkto para sa hardin na may dinadaluyan na mga lawa, creek o iba pang mga pinagmumulan ng tubig ay maaaring akakontamina sa iniinom na tubig at mapatay ang mga isda at ibon.** Gamitin ang mga produkto ayon sa mga tagubilin sa etiketa para maiwasan ang pinsala sa kapaligiran. Huwag kailanman itapon ang mga produkto para sa hardin sa patuluan ng tubig. Kung hindi ninyo magagamit ang lahat ng mixture, ipasa ito, kasama ng mga etiketa na may tagubilin, sa ibang tao na maaaring magagamit ito. Kung ang nag-iisang opsyon lang ninyo ay itapon ito, makipag-ugnayan sa inyong lokal na solid waste authority para sa impormasyon sa ligtas na pagtatapon.



## Alamin kung Saan Tatawag upang Makakuha ng Tulong

- Ang maraming mga etiketa ay may nakasulat na numero ng telepono na matatawagan kung may emergency.
- Itabi sa telepono ang numero ng telepono ng inyong doktor o lokal na poison control center.
- Ihanda ang produkto kapag tumawag kayo. Ang etiketa ay naglalaman ng mahahalagang impormasyon tungkol sa produkto.



EPA

www.epa.gov/safepestcontrol

740 F 15 005